

PATAKARAN SA PAGPUTOL NG SERBISYO NG TUBIG SA MGA KABAHAYAN

1. **Paglalapat ng Patakaran.** Ang Patakarang ito sa Pagputol ng Serbisyo ng Tubig sa Mga Kabahayan (ang "Patakaran" na ito) ay malalapat sa lahat ng account sa Lungsod para sa serbisyo ng tubig sa mga kabahayan, pero hindi malalapat sa anumang account para sa serbisyo sa mga hindi kabahayan. Hanggang sa sukdulang hindi tumutugma ang Patakarang ito sa anupamang panuntunan, regulasyon, o patakaran ng Lungsod, ang Patakarang ito ang mananaig.

2. **Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan.** Para sa mga tanong o tulong tungkol sa iyong bill sa tubig, matatawagan ang tauhan ng Serbisyo sa Customer ng Lungsod sa (760) 768-2120 o (760) 768-2122. Maaari ding personal na puntahan ng mga customer ang desk ng Serbisyo sa Customer ng Lungsod mula Lunes hanggang Huwebes, at tuwing makalawang Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., maliban sa mga holiday ng Lungsod.

3. **Mga Paraan ng Pagsingil at Mga Bayarin sa Nahuling Pagbabayad.**

3.1 Mga Paraan ng Pagsingil. Ibinabayad sa Lungsod ang mga singil sa serbisyo ng tubig nang isang beses kada buwan o sa iba pang dalas na tutukuyin ng Konseho ng Lungsod paminsan-minsan. Ang lahat ng bill para sa serbisyo ng tubig ay dapat bayaran at babayaran 30 araw pagkatapos ipadala ng Lungsod ang bill sa pamamagitan ng mail o e-mail. Ituturing na napabayaang ang anumang bill na hindi mababayaran sa naturang panahon.

3.2 Mga Bayarin sa Nahuling Pagbabayad. Ang mga napabayaang bill ay papatawan ng bayarin sa nahuling pagbabayad na limang porsyento (5%) ng mga napabayaang hindi pa nababayaran singil sa utility service. Ipapataw lang ang bayarin sa nahuling pagbabayad sa bahagi ng bill para sa mga napabayaang hindi pa nababayaran singil sa utility service, pero hindi sa iba pang bayarin o singil na kasama sa bill. Walang ipapataw o sisingilin na bayarin sa nahuling pagbabayad hangga't hindi napabayaang nang hindi bababa sa 30 araw ang bill. Bukod pa rito, walang ipapataw na bayarin sa nahuling pagbabayad kung: (1) babayaran ng customer ang \$10.00 o higit pa ng bill sa pagsapit ng takdang petsa; (2) hihiling at magsisimula ang customer ng plano sa pagbabayad sa ilalim ng Seksyon 6 bago ang takdang petsa; (3) hindi pangkaraniwan ang laki ng bill ng customer na hindi bababa sa limang (5) beses na mas malaki kaysa sa average na bill sa nakalipas na 12 buwan dahil sa pagtagas o iba pang isyu sa paghahatid ng tubig sa lugar na natukoy at natugunan kaagad gaya ng ipinapakita sa dokumentasyong ibinigay sa Lungsod.

4. **Pagputol ng Serbisyo ng Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad.** Kung hindi bababa sa \$150 ang napabayaang hindi pa nababayaran ng customer para sa bahagi ng bill para sa serbisyo ng tubig, at napabayaang itong hindi pa nababayaran nang hindi bababa sa 90 araw, maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa address na pinagseeserbisuhan.

4.1 Nakasulat na Abiso sa Customer. Magbibigay ang Lungsod ng abiso sa

nakatalang customer sa pamamagitan ng mail nang hindi bababa sa labinlimang (15) araw bago putulin ang serbisyo ng tubig. Makikita sa abiso ang mga sumusunod:

- (a) ang pangalan at address ng customer;
- (b) ang halagang napabayaang hindi pa nababayaran;
- (c) ang petsa kung kailan dapat magbayad o isaayos ang pagbabayad para maiwasan ang pagputol ng serbisyo;
- (d) ang paraan kung paano maaaring magsimula ng reklamo o humiling ng imbestigasyon o apela tungkol sa serbisyo o mga singil;
- (e) isang paglalarawan ng paraan kung saan maaaring humiling ang customer ng alternatibong paraan ng pagbabayad, na maaaring kinabibilangan ng palugit, amortization, o alternatibong iskediyul ng pagbabayad, o kung available, flat-rate na plano sa pagbabayad para sa mga susunod pang bill;
- (f) ang mga standard na bayarin at singil ng Lungsod para sa mga napabayaang bill o pagputol ng serbisyo, kasama ang mga bayarin sa nahuling pagbabayad, bayarin para sa pagputol ng serbisyo, at bayarin para sa pagbabalik ng serbisyo;
- (g) ang paraan para makakuha ang customer ng impormasyon sa pinansyal na tulong, kung naaangkop; at
- (h) ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang customer ng pagsasaayos ng pagbabayad o tumanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Lungsod.

4.2 Nakasulat na Abiso sa Mga Naninirahan o Nangungupahan.

(a) Magpapadala rin ang Lungsod ng abiso sa mga naninirahan sa address na pinagseserbisyuhan nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagputol ng serbisyo ng tubig sa ilalim ng mga sumusunod na sitwasyon: (1) nagbibigay ang Lungsod ng pang-indibidwal na nakametrong serbisyo sa single-family dwelling, multi-unit residential structure, mobile home park, o farm labor camp at ang may-ari, tagapamahala, o operator ang nakatalang customer; o (2) magkaiba ang mailing address ng nakatalang customer at ang address na pinagseserbisyuhan. Ang abiso ay ipapadala sa "Naninirahan," maglalaman ng impormasyong hinihingi sa Seksyon 4.1 sa itaas, at magbibigay-alam sa mga naninirahan na may mga karapatan silang maging mga customer ng Lungsod nang hindi kinakailangang bayaran ang halagang dapat bayaran sa napabayaang account. Makikita sa Seksyon 7 sa ibaba ang mga tuntunin at kundisyon para maging mga customer ng Lungsod ang mga naninirahan.

(b) Kung nagbibigay ang Lungsod ng tubig sa pamamagitan ng master meter sa multi-unit residential structure, mobile home park, o mga permanent residential

structure sa isang labor camp, at ang may-ari, tagapamahala, o operator ang nakatalang customer, magsisikap ang Lungsod nang may mabuting hangarin na ipagbigay-alam sa mga naninirahan, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso na ipapaskil sa pinto ng bawat residential unit nang hindi bababa sa 15 araw bago ang pagputol, na may hindi pa nababayaranang bill ang account at puputulin ang serbisyo sa petsang tinukoy sa abiso. Kung hindi makatuwiran o hindi maisasagawa ang pagpapaskil ng abiso sa pinto ng bawat unit, magpapaskil ang Lungsod ng dalawang (2) kopya ng abiso sa bawat accessible na common area at sa bawat pasukan ng istruktura o mga istruktura. Ipagbibigay-alam ng abiso sa mga naninirahan na may mga karapatan silang maging mga customer ng Lungsod nang hindi kinakailangang bayaran ang halagang dapat bayaran sa napabayaang account. Tutukuyin din sa abiso kung ano ang kailangang gawin ng mga naninirahan para maiwasan ang pagputol ng serbisyo, o para maibalik ito; ang tinatayang buwanang presyo ng serbisyo; ang katungkulan, address, at numero ng telepono ng kinatawan ng Lungsod na makakatulong sa mga naninirahan sa pagpapatuloy ng serbisyo; at ang address o numero ng telepono ng kwalipikadong proyekto para sa legal na serbisyo na inirekomenda ng lokal na bar association ng county. Makikita sa Seksyon 7 sa ibaba ang mga tuntunin at kundisyon para maging mga customer ng Lungsod ang mga naninirahan.

4.3 Pagpapaskil ng Abiso sa Address na Pinagseserbisyuhan. Mag-iwan ang Lungsod ng abiso ng napipintong pagputol ng serbisyo sa mga kabahayan at ng kopya ng Patakarang ito sa kitang-kitang lugar sa address na pinagseserbisyuhan nang hindi bababa sa 48 oras bago ang pagputol ng serbisyo. Makikita sa abiso ang mga sumusunod:

- (a) ang pangalan at address ng customer;
- (b) ang halagang napabayaang hindi pa nababayaran;
- (c) ang petsa kung kailan dapat magbayad o isaayos ang pagbabayad para maiwasan ang pagputol ng serbisyo;
- (d) ang mga standard na bayarin at singil ng Lungsod para sa mga napabayaang bill o pagputol ng serbisyo, kasama ang mga bayarin sa nahuling pagbabayad, bayarin para sa pagputol ng serbisyo, at bayarin para sa pagbabalik ng serbisyo;
- (e) ang paraan para makakuha ang customer ng impormasyon sa pinansyal na tulong, kung naaangkop; at
- (f) ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang customer ng pagsasaayos ng pagbabayad o tumanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Lungsod.

4.4 Mga Sitwasyon Kung Saan Hindi Puputulin ang Serbisyo. Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa mga kabahayan dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na sitwasyon:

- (a) Kapag wala pang \$150 ang halagang napabayaang hindi pa

nababayaran sa bahagi ng bill para sa serbisyo ng tubig, o wala pang 90 araw itong napabayaang hindi pa nababayaran;

- (b) Habang isinasagawa ng Lungsod ang imbestigasyon ng isang napapanahong dispute o reklamo ng customer sa ilalim ng Seksyon 5.1 sa ibaba;
- (c) Habang nakabinbin ang isang napapanahong apela sa ilalim ng Seksyon 5.3 o 5.4 sa ibaba; o
- (d) Habang napapailalim ang pagbabayad ng customer sa palugit, amortization, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad na inaprubahan ng Lungsod sa ilalim ng Seksyon 6, at nakakasunod pa rin ang customer sa inaprubahang paraan ng pagbabayad.

4.5 Mga Sitwasyon Kung Saan Hindi Puputulin ang Serbisyo sa Pamamagitan ng Master Meter. Kung nagbibigay ang Lungsod ng tubig sa pamamagitan ng master meter sa isang multi-unit residential structure, mobile home park, o mga permanent residential structure sa isang labor camp at ang may-ari, tagapamahala, o operator ng tirahan, istruktura, o park ang nakatalang customer, hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa mga kabahayan dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na sitwasyon:

(a) Kapag ang pagkakautang ng customer ay dapat bayaran sa ibang pampublikong ahensya, o kapag ang obligasyong kinakatawan ng napabayaang account o pagkakautang ay dapat bayaran sa anumang pampublikong ahensya maliban sa utility para sa tubig ng Lungsod;

(b) Kung nauugnay ang napabayaang account sa ibang property na pagmamay-ari, pinapamahalaan, o pinapatakbo ng customer;

(c) Kung papatunayan ng opisyal ng pampublikong kalusugan o gusali na magresulta ang pagputol sa malaking panganib sa kalusugan o kaligtasan ng mga naninirahan o ng publiko.

4.6 Mga Espesyal na Medikal at Pinansyal na Sitwasyon Kung Saan Hindi Puputulin ang Serbisyo.

(a) Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung matutugunan ang lahat ng sumusunod na kundisyon:

(i) Magsusumite sa Lungsod ang customer, o nangungupahan sa customer, ng pagpapatunay ng lisensyadong provider ng pangunahing pangangalaga na ang pagputol ng serbisyo ng tubig ay makamamatay sa, o magdudulot ng matinding panganib sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente ng lugar kung saan ibinibigay ang serbisyo sa mga kabahayan;

(ii) Ipapakita ng customer na wala siyang pera para bayaran ang

serbisyo sa mga kabahayan sa loob ng normal na cycle ng pagsingil ng Lungsod. Ituturing na walang pera para magbayad ang customer sa normal na cycle ng pagsingil kung: (a) kasalukuyang tumatanggap ang sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (b) ipapahayag ng customer sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling sa kabila ng panunumpa na ang taunang kita ng sambahayan ay mas maliit kaysa sa 200 porsyento ng antas ng kahirapan ng pederal na pamahalaan; at

- (iii) Papayag ang customer na magkaroon ng alternatibong paraan ng pagbabayad, na kinabibilangan ng palugit, amortization, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad kaugnay ng mga napabayaang hindi pa nababayaranang singil.
- (b) Para sa sinumang customer na makakatugon sa lahat ng nabanggit na kundisyon, aalukin ng Lungsod ang customer ng isa sa mga sumusunod na opsyon, na pipiliin ng Lungsod sa sarili nitong pagpapasya: (1) palugit sa panahon ng pagbabayad; (2) amortization ng hindi pa nababayaranang balanse; o (3) alternatibong iskedyul ng pagbabayad. Pipiliin ng Direktor ng Pinansya ng Lungsod ang pinakanaaangkop na paraan ng pagbabayad, nang isinasaalang-alang ang impormasyon at dokumentasyong ibinigay ng customer, pati na rin ang mga pangangailangan sa pagbabayad ng Lungsod.
- (c) Ang customer ang responsable para sa pagpapakitang natugunan ang mga kundisyon sa subsection (a). Pagkatanggap sa dokumentasyon mula sa customer, susuriin ng Lungsod ang dokumentasyon sa loob ng pitong (7) araw at: (1) aabisuhan nito ang customer tungkol sa alternatibong paraan ng pagbabayad na pinili ng Lungsod at hihilingin nito ang nilagdaang pagpayag ng customer na lumahok sa alternatibong paraang iyon; (2) hihilingin ito ng karagdagang impormasyon mula sa customer; o (3) aabisuhan nito ang customer na hindi niya natutugunan ang mga kundisyon sa subsection (a).
- (d) Maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung hindi nagawa ng customer na binigyan ng alternatibong paraan ng pagbabayad ang alinman sa mga sumusunod sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa: (a) bayaran ang mga hindi pa nababayaranang singil sa kanya sa pagsapit ng palugit sa pagbabayad; (b) bayaran ang anumang hinuhulugang halagang dapat bayaran sa ilalim ng iskedyul ng amortization; (c) bayaran ang anumang

halagang dapat bayaran sa ilalim ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad; o (d) bayaran ang mga kasalukuyang singil sa kanya para sa serbisyo ng tubig sa loob ng siyamnapung (90) araw o higit pa at lampas na sa \$150 ang halagang napabayaang hindi pa nababayaran para sa serbisyo ng tubig. Magpapaskil ang Lungsod ng pinal na abiso ng hangaring putulin ang serbisyo sa kitang-kitang lokasyon sa address na pinagseserbisyuhan nang hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo bago ang pagputol ng serbisyo. Hindi sasailalim ang customer sa anumang imbestigasyon o pagsusuri ng Lungsod nang dahil sa pinal na abiso.

4.7 Oras ng Pagputol ng Serbisyo. Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad nang Huwebes, Biyernes, Sabado, Linggo, sa legal na holiday, o sa anumang oras kung kailan hindi bukas sa publiko ang tanggapan ng Lungsod.

4.8 Pagbabalik ng Serbisyo. Maaaring makipag-ugnayan sa Lungsod tungkol sa pagbabalik ng serbisyo ang mga customer na pinutulan ng serbisyo ng tubig sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o pagpunta nang personal sa tanggapan. Para maibalik ang serbisyo, dapat bayaran ang mga sumusunod: (a) anumang halagang hindi pa nababayaran, kasama ang mga bayarin sa nahuling pagbabayad; (b) anumang bayarin para sa pagputol o pagbabalik, kung naaangkop; (c) at security deposit, kung hihingin ng Lungsod. Sa kabila ng nabanggit, ibabalik ng Lungsod ang serbisyo sa isang customer kasunod ng pagputol ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad kung papayag ang customer na magsimula ng plano sa pagbabayad sa ilalim ng Seksyon 6 at, sa ilalim ng naturang plano sa pagbabayad, magbabayad kaagad ang customer ng kahit man lang one-twelfth (1/12th) ng mga halagang dapat bayaran at babayaran nito ang mga natitirang halaga sa magkakatumas na pagbabayad sa susunod na 11 buwan, o sa ibang iskedyul na napagkasunduan ng customer at ng Lungsod. Makakatanggap lang ang customer ng plano sa pagbabayad para maibalik ang serbisyo nang isang beses sa 12 buwan.

5. **Mga Paraan para Tutulan o Iapela ang Bill.**

5.1 Mga Tinututulang Bill. Ang customer ay maaaring magsimula ng reklamo o humiling ng imbestigasyon tungkol sa halaga ng bill bago ang petsa kung kailan magiging napabayaan ang bill. Ang anumang halagang hindi ibibigay ng customer habang nakabinbin ang pagresolba sa naturang dispute ay ituturing na napabayaan hanggang sa sukdulang hindi ibibigay ang mga naturang halaga pagkalipas ng panahon

kung kailan dapat bayaran ang mga ito. Sa kabila nito, hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad habang may imbestigasyon ang Lungsod para sa reklamo o may kahilingan para sa imbestigasyon na napapanahong natanggap ng Lungsod bago maging napabayaan ang bill, o habang may napapanahong apela.

5.2 Pagsusuri ng Lungsod. Susuriin ng tagapamahala ng Lungsod ang napapanahong reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon, at magbibigay siya ng nakasulat na pagpapasya sa customer. Bahagi ng pagsusuri ang pagsasaalang-alang kung maaaring tumanggap ang customer ng palugit, amortization, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad. Sa sarili nitong pagpapasya, maaaring suriin ng Lungsod ang mga hindi napapanahong reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon; gayunpaman, hindi puwedeng mag-apela sa mga naturang reklamo o kahilingan. Pagkatapos suriin ang tinututulang bill, gagawin ng Lungsod ang mga sumusunod:

- (a) Magbibigay ng iwinastong bill o ilalagay ang mga pagwawasto sa bill sa kasunod na panahon ng pagsingil; o
- (b) Sasabihan ang customer na tama ang bill na ipinapakita, at sa sitwasyong ito, maaaring piliin ng customer na ipaalis ang metro para maipasuri nang siya mismo ang gagastos, o maaari niyang iapela ang pagpapasya ng Lungsod.

5.3 Mag-apela sa Tagapamahala ng Lungsod. Ang sinumang customer na may napapanahong reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon na nagkaroon ng hindi kasiya-siyang pagpapasya ay maaaring iapela ang pagpapasya sa Tagapamahala ng Lungsod o sa taong itinalaga niya, na siyang awtorisadong dinggin ang mga apela tungkol sa mga bill para sa serbisyo ng tubig at gumawa ng anumang pagwawasto sa anumang pagtatasa o singil na sa palagay niya ay patas at naaangkop batay sa sitwasyon. Maaaring mag-apela sa pamamagitan ng paghahain ng nakasulat na abiso ng pag-apela sa Clerk ng Lungsod sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo mula sa pagpapadala ng Lungsod ng paunang pagpapasya nito.

5.4 Mag-apela sa Konseho ng Lungsod. Ang sinumang customer sa mga kabahayan na may napapanahong reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon na nagkaroon ng hindi kasiya-siyang pagpapasya mula sa Tagapamahala ng Lungsod o sa kanyang designee ay maaaring iapela ang pagpapasya sa Konseho ng Lungsod sa pamamagitan ng paghahain ng nakasulat na abiso ng pag-apela sa Clerk ng Lungsod sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo mula sa pagpapadala ng Tagapamahala ng Lungsod o ng taong itinalaga niya ng kanyang pagpapasya. Pagkatanggap sa abiso ng pag-apela, itatakda ng Clerk ng Lungsod na pag-uusapan ito sa paparating na pulong ng Konseho ng Lungsod at papadalhan niya ang customer ng nakasulat na abiso tungkol sa oras at lugar na pagdarausan ng pulong nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pulong. Ang pasya ng Konseho ng Lungsod ay magiging pinal pagdating sa mga residensyal na customer.

6. **Mga Palugit at Iba pang Alternatibong Paraan ng Pagbabayad.**

6.1 Panahon para Humiling ng Palugit o Iba pang Alternatibong Paraan ng

Pagbabayad. Kung hindi makakapagbayad ng bill ang isang customer sa normal na panahon ng pagbabayad, maaaring humiling ang customer ng palugit o iba pang alternatibong paraan ng pagbabayad na inilalarawan dito sa Seksyon

6. Kung isusumite ng customer ang kanyang kahilingan sa loob ng 13 araw pagkatapos magpadala ang Lungsod ng nakasulat na abiso ng pagputol ng serbisyo, susuriin ng tagapamahala ng Lungsod ang kahilingan. Pinal na at hindi puwedeng iapela sa Konseho ng Lungsod ang mga pasya ng Lungsod tungkol sa mga palugit at iba pang alternatibong paraan ng pagbabayad.

6.2 Palugit. Kung aaprubahan ng Lungsod, maaaring bigyan ng pansamantalang palugit ang customer para mabayaran ang kanyang hindi pa nababayaran balanse nang hindi lalampas sa anim (6) na buwan mula sa orihinal na petsa kung kailan dapat bayaran ang balanse. Tutukuyin ng Direktor ng Pinansya ng Lungsod, sa sarili nitong pagpapasya, kung gaano katagal ang palugit na ibibigay sa customer. Dapat ay bayaran ng customer ang buong balanseng hindi pa nababayaran sa pagsapit ng petsang itinakda ng Lungsod at dapat ay mabayaran nito sa tamang oras ang lahat ng singil sa serbisyo ng tubig sa anumang kasunod na panahon ng pagsingil. Isusulat ang palugit na petsa ng pagbabayad at ibibigay ito sa customer.

6.3 Amortization. Kung aaprubahan ng Lungsod, maaaring bayaran nang hulugan ng customer ang kanyang hindi pa nababayaran balanse nang hindi lalampas sa 12 buwan, gaya ng tinukoy ng Direktor ng Pinansya ng Lungsod, sa sarili niyang pagpapasya. Kung aaprubahan ang amortization, hahatiin ang hindi pa nababayaran balanse sa bilang ng mga buwan sa panahon ng amortization, at idaragdag ang halagang iyon sa mga buwanang bill para sa serbisyo ng tubig ng customer hanggang sa mabayaran nang buo. Sa panahon ng amortization, dapat ay mabayaran ng customer ang lahat ng singil sa serbisyo ng tubig sa anumang kasunod na panahon ng pagsingil. Isusulat ang iskedyul ng amortization at mga halagang dapat bayaran at ibibigay ito sa customer.

6.4 Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad. Kung aaprubahan ng Lungsod, maaaring bayaran ng customer ang kanyang hindi pa nababayaran balanse alinsunod sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad na hindi lalampas ng 12 buwan, gaya ng tinukoy ng Direktor ng Pinansya ng Lungsod, sa sarili niyang pagpapasya. Kung aaprubahan, maaaring payagan sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad ang pagsasagawa ng mga pana-panahong lump-sum na pagbabayad na hindi tumatapat sa itinakdang petsa ng pagbabayad ng Lungsod o maaari nitong pahintulutan ang mga pagbabayad na gagawin nang mas madalas o mas madalang kaysa sa regular na petsa ng pagbabayad ng Lungsod. Sa panahon ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad, dapat ay mabayaran ng customer ang lahat ng singil sa serbisyo ng tubig sa anumang kasunod na panahon ng pagsingil. Isusulat ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad at mga halagang dapat bayaran at ibibigay ito sa customer.

6.5 Hindi Pagtupad. Kung isinaayos ang pagbabayad ng customer sa ilalim nitong Seksyon 6 at hindi niya: (1) mababayaran ang mga hindi pa nababayaran singil sa pagsapit ng palugit; (2) mababayaran ang halagang dapat bayaran sa ilalim ng iskedyul ng amortization; o (3) mababayaran ang halagang dapat bayaran sa ilalim ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad; at mananatiling napabayaang hindi pa

nababayaran ang mga naturang halaga nang hindi bababa sa 30 araw, puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig. Maaari ding putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung isinaayos ang pagbabayad ng customer sa ilalim nitong Seksyon 6 at hindi niya nabayaran ang mga kasalukuyang singil sa kanya para sa serbisyo ng tubig at lumampas na sa \$150 ang hindi pa nababayaran. Magpapaskil ang Lungsod ng pinal na abiso ng hangaring putulin ang serbisyo sa kitang-kitang lokasyon sa address na pinagseserbisyuhan nang hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo bago ang pagputol ng serbisyo. Hindi sasailalim ang customer sa anumang imbestigasyon o pagsusuri ng Lungsod nang dahil sa pinal na abiso.

7. Mga Paraan para Maging Mga Customer ng Lungsod ang Mga Naninirahan o Nangungupahan.

7.1 Paglalatap. Malalapat lang ang Seksyon 7 na ito kapag ang may-ari ng property, landlord, tagapamahala, o operator ng residensyal na address na pinagseserbisyuhan ay nakalista bilang nakatalang customer at binigyan siya ng abiso ng hangaring putulin ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad.

7.2 Pagsang-ayon sa Mga Tuntunin at Serbisyo ng Lungsod. Ibibigay ng Lungsod ang serbisyo sa mga aktwal na naninirahan kung sasang-ayon ang bawat naninirahan sa mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo at matutugunan nila ang mga kahingian ng mga panuntunan at regulasyon ng Lungsod. Sa kabila nito, kung mayroong isa o higit pa sa mga naninirahan na nagnanais at may kakayahang bayaran ang mga kasunod na singil sa account na ikalulugod ng Lungsod, o kung mayroong pisikal na pamamaraan na legal na magagamit ng Lungsod, para putulin lang ang serbisyo sa mga naninirahang hindi nakakatugon sa mga kahingian ng mga panuntunan at regulasyon ng Lungsod, ibibigay ng Lungsod ang serbisyo sa mga naninirahang nakakatugon sa mga kahingiang iyon.

7.3 Pag-verify ng Pangungupahan. Para maging kwalipikadong maging customer nang hindi binabayaran ang halagang dapat bayaran sa napabayaang account, dapat ay i-verify ng naninirahan na ang nakatalang customer sa napabayaang account ay ang landlord, tagapamahala, o ahente ng tirahan. Maaaring kasama sa pag-verify ang, pero hindi ito limitado sa, kasunduan sa pag-upa o pagrenta, mga resibo ng pagrenta, dokumento mula sa pamahalaan na nagsasaad na inuupahan ng naninirahan ang property, o impormasyong ihahayag alinsunod sa Seksyon 1962 ng Civil Code, sa pagpapasya ng Lungsod.

8. **Wika para sa Ilang Partikular na Nakasulat na Abiso.** Ang lahat ng nakasulat na abiso sa ilalim ng Seksyon 4 at Seksyon 6.6 ng Patakarang ito ay ibibigay sa English, Spanish, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Korean, at anupamang wika na sinasalita ng sampung porsyento (10%) o higit pa ng mga tao sa pinagseserbisyuhang lugar ng Lungsod.

9. **Iba pang Remedyo.** Bukod pa sa pagputol ng serbisyo ng tubig, maaaring magsagawa ang Lungsod ng anupamang remedyo na mayroon ayon sa batas o na makatarungan para sa hindi pagbabayad ng mga singil sa serbisyo ng tubig, kasama ang, pero hindi limitado sa: pagkuha ng mga napabayaang hindi pa nababayarang halaga sa pamamagitan ng paghahain ng mga lien sa real property, paghahain ng claim o legal na

aksyon, o pagdulog ng hindi pa nababayaranang halaga sa mga tagasingil. Kung ang pasya sa legal na aksyon ay papanig sa Lungsod, dapat ay bayaran ang Lungsod para sa lahat ng gastusin, kasama ang mga bayarin sa abugado at naipong interes.

10. **Pagputol ng Serbisyo ng Tubig Dahil sa Iba pang Paglabag ng Customer.** Nakalaan sa Lungsod ang karapatang putulin ang serbisyo ng tubig para sa anumang paglabag sa mga ordinansa, panuntunan, o regulasyon ng Lungsod maliban sa hindi pagbabayad.

11. **Mga Bayarin at Singil.** Maliban kung hayagang isinasaad sa Patakarang ito, ang anumang bayarin at singil sa customer sa ilalim ng anumang panuntunan, regulasyon, o patakaran ng Lungsod ay dapat bayaran at babayaran gaya ng itinakda roon.

12. **Mga Pasya ng Tauhan ng Lungsod.** Ang anumang pasya na maaaring gawin ng Direktor ng Pinansya ng Lungsod sa ilalim ng Patakarang ito ay maaaring gawin ng taong itinalaga niya.